**INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)**
https://risejournals.org/index.php/imjrise
**Volume 1, Issue no. 6 (2024)**
*ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)*



# Danas ng mga Mag-Aaral sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Asignaturang Filipino

**DOI:** https://doi.org/10.5281/zenodo.12575937

**Elenita L. Cortes**
Student, Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0002-5446-1809

**Jerriline I. Barrios**
Student, Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0003-1207-0479

**Warren M. Booc**
Student, Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0002-4739-1558

**Sheryl L. Catulong**
Student, Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0006-7118-5366

**Dantchilane N. Laguna**
Student, Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0005-2804-2741

**Shahani S. Gamboa**
Student, Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0001-1385-000X

**Joan S. Gore**
Student, Mandaue City College
https://orcid.org/0000-1234-5678-0123

**Angelie S. Date**
Student, Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0003-9473-8080

**Nheil B. Aristoteles**
Student, Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0003-4513-1485

**Abstrak:**

Ang pakikipagtalastasan ay isa sa mga instrumento sa pakikipagkomuniskasyon sa kapwa ngunit sa kabilang dako, ang Kabisayaan ay hirap sa paggamit ng Wikang Filipino lalo na sa mga asignatura na nakapaloob ang Wikang Filipino. Wikang Cebuano ang pangunahing wika na ginagamit ng mga mag-aaral sa Mandaue City College kung kaya't isa rin ito sa dahilan kung bakit sila nakaranas ng hirap sa paggamit nito. Pinagsasaligan ng pananaliksik na ito na matalos ang iba't ibang danas o karanasan sa paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral. Layon din nitong sagutin ang mga tanong na: Ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa asignaturang Filipino sa Mandaue City College? Batay sa mga resulta at natuklasan sa pananaliksik, ano ang pinakamainam na hakbang upang maibsan ang mga negatibong danas o karanasan sa paggamit ng nasabing wika? Ginamit sa pananaliksik ang isang hindi istrakturadong panayam o unstructured interview para sa focus group discussion, na sinuportahan ng Teoryang Modelong Karanasan. Mula sa mga impormasyon na nakuha sa pag-aaral, natuklasan ng mga mananaliksik na karamihan sa mga mag-aaral ay may negatibong danas o karanasan sa paggamit ng Filipino na wika, kung saan ang pagpabor sa wikang banyaga ang pangunahing sanhi ng mga ito. Lumabas sa pag- aaral na ang pagkonsumo ng media ay malaki ang impluwensya sa pag-aaral at paggamit ng wikang Filipino, kung saan ang negatibong epekto ng pagpabor sa dayuhang media kaysa sa lokal na nilalaman ay nagdulot ng bagong hamon sa pagpapahalaga sa pelikulang Pilipino. Nagrekomenda rin ang pag-aaral ng panonood ng pelikulang Pilipino upang mapalalim ang paggamit ng Filipino at pagbasa ng mga kwento o akda na nakasulat sa Filipino, tulad ng sa Wattpad, upang masanay ang sarili sa wika, na maaaring maging solusyon sa negatibong karanasan ng mga hindi sanay sa paggamit ng wikang Filipino, gayundin naman ang pag-eensayo na magsalita ng wikang Filipino lalo na sa oras ng klase.

Keywords: wikang Filipino, danas, Asignaturang Filipino

**Introduksyon:**

Ang bawat mag-aaral ay mayroong kanya-kanyang interes, gayundin naman ang paggamit ng wika. Nilayon ng pananaliksik na itong magalugad ang danas ng mga estudyante sa paggamit ng Wikang Filipino sa Asignaturang Filipino sa Mandaue City College. Gayundin naman kung ano ba talaga ang tunay na kalagayan o dinaranas ng mga mag-aaral at kung may negatibo ba silang danas sa paggamit ng Wikang Filipino. Ayon sa pananaw sa Teoryang Kognitib ni Jean Piaget ang pagkatuto ng isang wika ay isang prosesong dinamiko kung saan ang mag-aaral ng wika ay palaging nangangailangang mag-isip at gawing may saysay ang bagong tanggap na impormasyon, alamin ang pumailalim na tuntunin, at mailapit ang mga ito upang makabuo ng orihinal na pangungusap. Habang isinasagawa ang prosesong ito, malimit na nagkakamali sa pagpapakahulugan ng mga tuntunin ang mga mag-aaral ng wika o di kaya nama'y nailapat nang mali ang mga ito. Dahil dito malimit nagaganap ang mga kamalian sa paggamit ng wika. Nangangahulugan na dapat hindi ihinto ang pag-aaral sa isang wika lalong-lalo na ang pambansang wika. Nakasaad sa teorya na nangangailangan itong linangin ng maayos para maiwasan ang kamalian sa paggamit ng wika, hindi karapat dapat na ipagwalang bahala kung nangangahulugan ito ng mas lalong hindi pagkakaintindi sa paggamit ng wika.

Ang layon na pagtanggal noon sa mga asignaturang Filipino at panitikan ay pumukaw din sa mga mananaliksik kung karapat-dapat bang tanggalin o mas dapat bang bigyan pa ng halaga ang wika. Ang pag-aaral na ito ay nagsilbing tugon o hamon mula sa CHED o Commission on Higher Education na nilayong tanggalin ang Assignaturang Filipino at Panitikan bilang core subjects sa kolehiyo na napakaloob sa CHED Memorandum Order No. 20 na mas lalong nagbigay hirap ng karanasan sa mga estudyante sa paggamit ng Wikang Filipino. Sa pag-aaral na ito, nakita ang mga danas ng mga estudyante na naging daan upang makapagbigay tugon sa layunin ng pag-aaral.

**Kaligirang Teoritikal:**

Pinapalagay sa pag-aaral na ito na malaman ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino sa Mandaue City College bagkos ang karanasan ang magsasabi sa mga dapat iwasan o gawin sa isang sitwasyon na nagpapahirap sa kanila sa paggamit ng wika.

**Kaligirang Pilosopika:**

Ayon naman sa Teorya ng Pangangailangan ni Mc Chelland, ang pangangailangan ng tao ay natatamo sa matagal na panahon at hinuhubog ng karanasan. Ang mga positibong karanasan samakatuwid ay ganap na mahusay sapagkat humantong ito sa kaligayahan. Dinadala ng kagalakan, at hangga't naaalala ang positibong karanasan, emosyonal at pisikal ay karaniwang may magandang panahon. Sa kabilang banda, ang mga negatibong karanasan ay ganap na masama, maging ito man ay kalungkutan, tulad ng pagkawala ng isang mahal, o traumatiko na karanasan.

**Literature Review:**

Ang pagkabalisa sa paggamit ng wika ay isang kondisyon na nagdudulot ng hindi komportable sa paggamit ng sariling wika at natatakot sa pagsagot, pagbabahagi at mga ideya na gusto nilang ibahagi. Ayon kay Tanveer, 2007 ng pagsasaalang-alang sa mga reaksyon ng pagkabalisa ng mga nag-aaral ng wika ng isang guro ng wika ay itinuturing na napakahalaga upang matulungan silang makamit ang nilalayon na mga layunin sa pagganap sa target na wika.

Ang Ingles ay matagal nang umusbong at kinilala at itinatag sa buong mundo hindi lamang bilang ang pinakakaraniwang wika kundi bilang ang pinakamahalaga at nagsisilbing lingua franca ng mga internasyonal na sektor ng negosyo na nagtutulak sa paglago ng ekonomiya at internasyonal na pag-unlad. Ayon kay Seidelhofer, 2005. Ang Ingles ay isang Lingua Franca na karaniwang wikang ginagamit para sa komunikasyon sa pagitan ng mga taong hindi gumagamit ng kanilang unang wika.

Base sa pagsasaliksik ni Arocha (2015), ang wika ay ang pinakaepektibong instrumento para sa pag-uusap at kikipag-ugnayan sa kapwa. Ito ang nagiging kasangkapan natin sa pagsagupa ng mga suliranin ng tao at ito naman ay binubuo ng salita at simbolismo. Sa pamamagitan ng pagkukumpol ng mga salita, maipapahayag natin ang ating mga emosyon at damdamin sa ating pamilya, mga kaibigan, at sinuman na ating kakilala.

Ayon naman sa mga pagaaral nina Batnag at Kabayan (2001) at Porter (2012), ang wika ay isang napakahalagang instrumento sa komunikasyon. Ipinapakita nito ang pagkakabuklod sa arkipelago ng Pilipinas, na may parehong adhikain na ipinahahayag sa pamamagitan ng Wikang Filipino. May kakayahan ang wika na magbahagi at kumuha ng kaalaman, mga hangarin, at mga damdamin sa mga aspeto ng pang-araw-araw na gawain. Sa pamamagitan ng pagbuo ng mahusay na sanayan sa wika, nagiging epektibo ang pag-aaral at pagbibigay ng mga kaalaman at impormasyon sa ibang tao. Nilayon ng pananaliksik na ito na maipabatid at maibigay ang mahahalagang papel ng wika sa pag-unawa at iba't-ibang disiplina nito.

Sa pananaliksik ni Sanzosa (2005), maraming indibidwal ang nagtatrabaho at nagpupunyagi upang palawakin bagbutihin ang paggamit ng Wikang Pambansa. Layunin ng mga pagsisikap na ito ay walang iba kung hindi mahikayat

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH
FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
Volume 1, Issue no. 6 (2024)
ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)



ang paggamit ng wikang Filipino bilang daluyan sa pagtuturo. Ang mga eksperto sa maraming wika at mayroong malasakit sa bansa na naninindigang ang paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ng mga konseptong teknikal at agham na pinaniniwalaang magiging dahilan sa pagkakaisa at pag-usbong ng bayan. Tunay na mahalaga na gamitin at palaganapin ang Wikang Filipino sa pagtuturo dahil malaki ang ambag nito sa pagpapaunlad ng kaisipan ng mga Pilipino.

Batay sa pahayag ni Valentino (2018) kung saan sinagot niya sa Quora na may koneksyon ang papel ng wika sa komunikasyon, at ang tugon niya naman ay ayon sa kaniya ang wikang ginagamit sa pag-uusap ay nagpapakita ng kaugalian ng tao. Dahil sa wika, malinaw kapaki-pakinabang at angkop ang mga impormasyon at kaalaman na ibinabahagi sa isang diskurso. Sinasabing ang wika rin ang kasangkapan sa pag-uusap at pagkuha ng impormasyon.

Batay sa pagsasaliksik ni Surbhi (2016), maaaring magkaroon ng hindi pagkakasundo o hindi pagkakatugma ng pakikipagtalastasan at wika dahil sa mga sumusunod na dahilan. Una, maaaring magkaroon ng hindi pagkakasundo kapag ginagamit ang magkasalungat o hindi kompatibol na wika sa isang talakayan. Pangalawa, puwedeng maging hadlang ang kakulangan sa pagsasaliksik, lalo na kung ang isa sa mga kausap ay gumagamit ng pangalawang wika. Pangatio, maaaring magkaroon ng hindi pagkakaintindihan dahil sa paggamit ng mga termino na hindi lahat ay nakakaunawa, sa modernong pag-iral t at naglalabasan ang mga bagong salita na mas nauunawaan lamang ng mga kabataan

**Metodolohiya at Pamamaraan ng Pananaliksik:**

Ang pananaliksik na isinagawa ay sumailalim sa kwalitatibong paraan ng pananaliksik, kung saan ay nilayong malalim na maunawaan ang mga pag-uugali at koneksiyon ng bawat tao, pati na rin ang mga saligan o dahilan sa likod nito. Ang disenyong ito ay nakaayon sa paniniwalang ang pag-uugali ng tao ay laging nakasalalay sa mas malawak na konteksto na nagmumula dito, at sa mga panlipunang katotohanan tulad ng kultura at mga interpersonal na ugnayan na hindi maaaring maikakaila o nasusukat. Sa pananaliksik na ito, ginamit ang hindi estrukturadong panayam na gagamitin sa *focus group discussion*. Gumamit ng *focus group discussion* ang mga mananaliksik upang ipakita ang mga datos na kinailangan para sa pag-aaral. Kaakibat nito, ang binuong tanong ay may disenyo at pormat na binigyan ng kalayaan ang mga kalahok na nakapagbahagi ng karanasan at persepyon ukol sa isinagawang pag-aaral.

Bagaman limitado ang bilang ng mga sumagot sa mga tanong, hindi lamang nakadepende sa dami ng mga respondente ang uri ng disenyong ito. Sa gayon, naisunod ng mga mananaliksik na angkop ang disenyo ng pag-aaral sa pangangailangan ng pagsasaliksik. Ang mga datos na nakalap ng mga mananaliksik mula sa mga respondente na tumugon sa talatanungan sa sampung partisipante ay nagbigay ng sagot para sa pag-aaral ng danas sa paggamit ng Wikang Filipino. Ang mga datos na ito ay nagsilbing kasagutan sa mga katanungang inilahad ng pag-aaral. Ang mga datos ay inalisang mabuti at naging gabay sa resultang nais ng mga mananaliksik. Mula sa mga kasagutan ng mga partisipante ang mga nakalap na datos ay sinala at piniling mabuti ang mga benepisyunal sa pag-aaral.

**Kapaligiran ng Pananaliksik:**

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa Mandaue City College na matatagpuan sa Don Andres, Soriano Ave., Centro, Mandaue City. Ang mga tagatugon nito ay ang mga mag-aaral na kumukuha ng asignatura sa "Kontekswalisadong Komunikasyon sa Filipino". Dito isinagawa ang naturang pananaliksik sapagkat dito rin nag-aaral ang mga mananaliksik kung kaya hindi na ninais pang lumayo at para na rin sa benepisyo nito sa magiging bunga ng isinagawang pananaliksik.

**Respondente ng Pananaliksik:**

Ang mga tagatugon nito ay ang mga mag-aaral sa kolehiyo sa asignatureng "Kontekswallisadong Komunikasyon sa Filipino". Ang mga tagasaliksik ay pumili ng isang seksyon na may sampung respondente mula sa unang taon ng kolehiyo(1 year) unang semestre akadeikong taon 2022-2023 ng Mandaue City College dahil ang asignaturang "Kontekswalisadong Komunikasyon sa Filipino ay isang kahingian na asignatura ng first year sa unang semestre na kumuha ng asignatura na ito na nakapagbigay tugon sa kinakailangan ng mananaliksik.

**Pagkalap ng Datos:**

Pumili ng isang sekyon ang mga mananaliksik para maisakatuparan ang hinihinging datos. Pumasok ang mga mananaliksik sa klase at humingi ng permiso para sa kanilang partisipasyon. Bago Isinagawa ang formal group discussion ay naglahad muna ng maikling oryentasyon sa klase upang malaman nila ang isinagawang pananaliksik. Ang mga impormasyon na nakuha ng mga mananalakisik na tumugon sa talatanungan ay mula sa sampung kalahok na nagbigay ng sagot. Ang mga datos na makikita rito ang siyang nagsilbing sagot mga panayam ng taga saliksik. Ang mga impormasyon ay inalisa at naging batayan sa resulta na nais makamit ng mga mananaliksik. Ang sagot sa lahat ng kalahok ay isinalin, pinili, at kapaki-pakinabang sa pag-aaral.

**Pagsusuri ng Datos:**

Matapos ang isinagawang pakikiknayam o *focus group discussion*,isinaalang-alang nang mabuti ang kredibilidad ng mga kasagutan ng mga respondente. Hindi isinalin ang ibang kasagutan ng mga respondente, itinipon at inorganisa lang ang mga kasagutan na walang gamit na software o translator website. Batay sa mga resulta ng pananaliksik mayroong kaugnayan ang kanilang mga kasagutan at ang interpretasyon ng datos na nakalap ay ibinuod, para mas madaling maintindihan ang datos gumawa ng buod ng mga tema ang mananaliksik.

**Unang Tema: Unang Wika**

Base sa unang tema o paksa nasabi ng mga estudyante ang mga suliranin nila sa pag-intindi ng mga salita at hindi rin sila sanay sa pagsasalita kaya naman hindi rin nila ginagamit ang Wikang Filipino. Nangangahulugan na ang hindi paggamit ng wika ay nagreresulta sa hirap na pag-intindi sa mga salita. Ang pagkabalisa sa paggamit ng wika ay isang kondisyon na nagdudulot ng hindi komportable sa paggamit ng sariling wika at natatakot sa pagsagot, pagbabahagi at mga ideya na gusto nilang ibahagi. Ayon kay Tanveer, 2007 ng pagsasaalang-alang sa mga reaksyon ng pagkabalisa ng mga nag-aaral ng wika ng isang guro sa wika ay itinuturing na napakahalaga upang matulungan silang makamit ang nilalayon na mga layunin sa pagganap sa target na wika.

**Pangalawang Tema: Pagtangkilik sa kultura at wikang banyaga**

Sa pangalawang tema o paksa, isinaad dito ang mga naging sanhi ng danas sa pagsasalita, ayon sa mga naging tugon ng mga mag-aaral dahil ito sa pagtangkilik sa wikang banyaga. Sinasabi na hindi magiging epektibo ang pag- aaral sa wikang Filipino kung patuloy pa ring tinatangkilik ang wikang banyaga (Kondo and Ling, 2004).

**Pangatlong Tema: Interbensyon**

Sa pangatlong tema o paksa, makikita ang mga paraan na ginawa ng mag-aaral para maiwasan ang hirap sa pagsasalita gamit ang Wikang Filipino tulad ng pagbasa ng mga libro o kwento na nakasulat sa Wikang Filipino at panonood ng mga Pinoy Movies. Nangangahulugan na ang pagtangkilik sa sariling wika at palaging paggamit sa ating wika ay nakapagpayaman sa sarili nating kultura (Arocha, 2016).

**Pang-apat na Tema: Hakbang lunas**

Sa huling tema o paksa, nagpahayag ng rekomendasyon ang mga marunong magsalita sa paggamit ng Wikang Filipino na hindi nalalayo ang pagbibigay ng rekomendasyon bagkos ay may kaugnayan ang kanilang sinabi.

Ang dalawang mag-aaral sinabi na:

"Nagsasaliksik na kasi ako noon para mapahusay pa ang aking paggamit sa Wikang Filipino at kapag may isang salita ako na hindi ko naiintindihan ay isinasaliksik ko kaagad para malaman ko kung ano ang kahulugan"(FGD2)

"Magsaliksik lang lalo na yung mga malalalim na salita kapag malaman mo na ang kahulugan ay meron kang bagong kaalaman" (FGD7).

Ang artikulong The Libraries na may pamagat na *"Communication In the Real World: An Introduction to Communication Studles."* Ang nabuong rekomendasyong ng mga mananaliksik ay nagsilbing tugon sa literatura na may kaugnayan sa pag-aaral. Ito rin ang ginamit na lingguwahe upang ipahayag ang mga kabatiran, saloobin, kailangan at pagsusuri. Binigyang-diin na ang wika ay isang malakas na kapangyarihan, kaya't mahalagang ko'y gamitin nang wasto. Ang hindi pormal na paggamit ng wika at ang paghalo nito ng iba't ibang bermine ay maaaring maging sanhi ng kalltutan sa pagpapahayag.

Ayon sa artikulo ng washing.edu na may pamagat "Effective Use of Language," aysalik nakaapekto pagpapahayag impormasyon ay sa pamamagitan ng malinaw at tamang paggamit ng wika. Ang pagpapahayag sa pamamagitan ng wika ay dapat malinaw at maling maintindihan nang maayos, dahil may mga terminong maaaring magdulot ng kalltuhan o mga terminong may ba't ibang kahulugan. Ito ay lan lamang sa mga sallik na nakakaapekto paggamit ng wika sa pakikipagtalastasan.

Ang pagbibigay interpretasyon ng mga datos ay nagbibigay linaw sa mga problema na nilalayon na solusyuran ng mga mananaliksik. Sa kabanata na ito makikita ang kasagutan na hinihingi sa paglalahad ng suliranin, nasasagutan rin ang ibang problema na nakalahad sa mga kaugnay na pag-aaral sa literatura.

**Konklusyon:**

Sa pag-aaral lumabas ang hindi inaasahang resulta lalo na sa mga ibinahagi nilang mga danas sa paggamit ng Wikang Filipino. Ang negatibong danas ay nagdudulot ng pagkatakot sa paggamit ng wika, nagiging dahilan ang mga bagay na kanilang nakikita o naririnig at nakakaapekto ito sa pagpapahalaga ng wika. Nakikita sa resulta ang Impluwensya ng mga pelikula o palabas sa ibang bansa na nakakapagbigay aliw sa kanila, lumabas din sa pag-aaral na hindi gaano pinapahalagahan ang industriya ng pelikulang Pilipino na naging sanhi sa kanilang negatibong danas. Sa ngayon mas nakikita ang epekto ng problema at mas dapat pang pahcgahan ang pag-aaral ng wikang Filipino sapagkat naging talamak na sa mga kabataan ang pagkatuto sa ibang wika. Ang pag-aaral na ito ay magiging salamin na hindi dapat tanggalin ang mga asignatura na nauugnay ang pagpapahalaga sa wikang Filipino dahil base sa naging resulta hindi nakakatulong ang pagpapahalaga sa wika ang mga asignatura bagkos mas nakita pa sa pananaliksik na mas nakakaapekto sa kung ano ang kanilang nakikita o naririnig sa pamamagitan ng pelikula o palabas at babasahin. Ang pagtanggal ng asignatura sa kolehiyo ay malaking kalapastanganan sa sarili nating bansa, wika, at kultura kung kaya't dapat natin itong ipagpatuloy at mas payabungin ang sariling wika.

**Mga Limitasyon:**

Nakatuon sa mga karanasan ng piling mga mag-aaral na nasa unang taon ng kolehiyo (1st year) sa unang semestre akademikong taon 2022-2023 ng Mandaue City College na kumukuha ng asignaturang "Kontekswalisadong Komunikasyon sa Filipino" (FIL 101) ang pag-aaral na ito. Ang pananaliksik na ito ay pumapaksa sa mga danas nga mga estudyante sa paggamit ng wikang Filipino sa naturang Asignatura.

**Mga Sanggunian at Reperensya:**

Antelope, A. (n.d.). Tumatagal ang panahon Nakasaad Din na Kailangan Mapanatili Ang Paggamit ng wika: Course hero. tumatagal ang panahon Nakasaad din na kailangan mapanatili ang paggamit ng wika | Course Hero. Retrieved June 9, 2022, from https://www.coursehero.com/file/p9c74lj/tumatagal-ang-panahon-Nakasaad-din-na-kailangan-mapanatili-ang-paggamit-ng-wika/

Apao, Gavino, Callenero et al.(2014).Kahalagahan ng Wikang Filipno sa/Edukasyon. Di-Nalathalang tesis. http://filipinotermpaper.blogspot.com

Batnag, A. (2001). Para Naman Kay Dr Aurora Batnag Kabayan 2001 Sapagkat Ang Pilipinas Ay: Course hero. Para naman kay Dr Aurora Batnag Kabayan 2001 sapagkat ang Pilipinas ay | Course Hero. Retrieved June 9, 2022, from https://www.coursehero.com/file/p4m7p64s/Para-naman-kay-Dr-Aurora-Batnag-Kabayan-2001-sapagkat-ang-Pilipinas-ay/

Bianca Dava. CHED dumepensa sa isyu ng Filipino, Panitikan Kolehiyo https://news.abs-cbn.com/news/05/30/19/ched-dumepensa-sa-isyu-ng-filipino-panitikan-sa-kolehiyo

Cheng, C.K See S.L. (2006). The revised wordframe model for the FilipinoLanguage. https://www.semanticscholar.org/paper/The-Revised-WordFrame-model-for-the-Filipino-Cheng-see/5c5be82b74fc7359427762b9163833b3391818

Dominguez, A. A. (n.d.). Wikang Filipino pagyayamaninsa ‘Aklat ng Bayan’. Pressreader.
Explorable.com (Jul 13, 2009). Random Sampling. Retrieved Jul 27, 2018 fromExplorable.com: https://explorable.com/simple-random-sampling
https://www.scribd.com/doc/109042737/Ang-Kahalagan-at-Mga-Kadahilanan-Kung-Bakit-Wikang-Filipino-Ang-Wikang-Pambansa-at-Ang-Kaugnayan-Nito-Sa-Unlad-Pang-ekonomiya

Foreign Law Guide. doi:10.1163/2213-2996_flg_com_323998Purificacion, Marlon. (2018).

Heslinga, Verginia. (2017). Balance toward Language. Researchgate. Pg.2

Muhammad Tanveer. (2008, July). (PDF) investigation of the factors that cause language anxiety for ESL ... Retrieved June 9, 2022, from https://www.researchgate.net/publication/293263722_Investigation_of_the_factors_that_cause_language_anxiety_for_ESLEFL_learners_in_learning_speaking_skills_and_the_influence_it_casts_on_communication_in_the_target_language

Saunders B, et al. (2018). Saturation in qualitative research: exploring its conceptualization and operationalization. Qual Quant, 52(4):1893-1907. doi: 10.1007/s11135-017-0574-8

Seidlhofer, B. (2005, October). English as a lingua franca - researchgate. Retrieved June 9, 2022, from https://www.researchgate.net/publication/279625972_English_as_a_lingua_franca

Ventosa, K. (n.d.). Pananaliksik sa Filipino Patungkol sa Wikang Filipino - Kabanata 1 1. Introduksyon Mayaman Ang Wika. StuDocu. Retrieved June 9, 2022, from https://www.studocu.com/ph/document/bulacan-state-university/computer-engineering/pananaliksik-sa-filipino-patungkol-sa-wikang-filipino/14385497

Republic of the Philippines
CITY OF MANDAUE
**MANDAUE CITY COLLEGE**
Don Andres Soriano Ave., Centro, Mandaue City
Tel. No. 236-5520
E-Mail Add

**Research and Community Extension Office**

## CERTIFICATION FOR PLAGIARISM CHECK

This is to certify that the study entitled, **Danas ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Asignaturang Filipino of CORTES, Elenita L., BOOC, Warren M., CATULONG, Sheryl L., LAGUNA, Dantchilane N., BARRIOS, Jerriline I., GAMBOA, Shahani S., GORE, Joan S., DATE, Angelie, & ARISTOTELES, Nheil of Bachelor of Secondary Education major in Filipino** of Mandaue City College has passed the Plagiarism checked with a total Similarity Index of 14%. This signifies that majority of the content is an outcome and original work of the researchers, thus, duly acknowledge all sources from which the notion and extracts have been taken in adherence to the principle of plagiarism.

This certification is issued upon the request of the group as part of their course requirements.

Given this 13th day of May 2024.

**JOSEPH ARNOLD C. BAUNSIT, M. Ed**
*Instructor I*
*Mandaue City College*